ANG BAYAN
PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO TSETUNG

Tomo XI Bilang 4 Pebrero 28, 1979

## MGA NILALAMAN

PAGSUKO SA KAAWAY, NAKASAAD
SA DOKUMENTO NG MGA NAKA-LAVA p. 1

ITINAKDA NA NG REHIMEN
ANG PAGTAAS NG MGA PRESYO p. 4

HINADLANGAN NG TSINA
ANG AGRESYONG SOBYET p. 7

KABABAIHANG ANAKPAWIS,
PAPARANGALAN SA MARSO 8 p. 9

MGA PORMAL NA KASUNDUANG LUMABAN,
PINAGTIBAY NG MGA TAGA-MONTANYOSA p. 11

MGA AKSYONG PROTESTA,
INILUNSAD SA UPLB, BIKOL p. 13

## PAGSUKO SA KAAWAY, NAKASAAD SA DOKUMENTO NG MGA MAKA-LAVA

Ang lantarang kolaborasyon ng taksil na rebisyonistang pangkating maka-Lava sa pasistang diktadurang E.U.-Marcos ay nakasaad sa Pampulitikang Resolusyon at Programang ipinalabas nila noong 1977, sa "pinagandang" bersyon ng palasukong dokumentong inilabas noong 1973.

Ang bagong pampulitikang resolusyon at programang ito ay pinagtibay diumano sa "Ikapitong Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas" na sinasabing idinaos sa Gitnang Luson noong Setyembre 1977.

Ang pinakasentral na punto ng dokumento, na nakalaman sa isang polyetong may 122 pahina at inilimbag sa labas ng Pilipinas, ay ang taksil na pag-uudyok na talikdan ng masang Pilipino ang rebolusyon at organisahin sila para sa aktibong partisipasyon sa mga programa ng rehimong E.U.-Marcos, nang makamit ang "tunay na nagsasarili, demokratiko't progresibong Pilipinas".

Ang ganitong programa ng pagkanulo sa mamamayan ay iminamatwid ng pangkating maka-Lava sa makalaglag-pangang pagsasabing kinakatawan daw ng rehimeng batas militar "ang mas bagu-bagong mga sektor ng pambansang burgesya na may tunguhing antipeudal".

Kung gayo'y "progresibo" ang naghaharing pasistang pangkatin, patuloy ng mga maka-Lava; at kung "di ito laging nakapapanig sa obhetibong kapakanan ng masa", ang mamamayan ang dapat sisihin.

Bakit naman daw kasalanan ng taong-bayan kung inaapi sila't sinasamantala ng rehimeng E.U.-Marcos? Dahil, anang mga maka-Lava, "ang hina-hina" ng masa, hindi maigiit ang kanilang gusto sa pasistang rehimen, at hindi makakilos para pangalagaan at isulong ang sarili nilang interes.

Wala itong iniwan sa luma nang teorya ng mga maka-Lava na sinisisi ang "istupidong masa" at ang obhetibong kondisyon para sa lahat ng kamalian at kabiguang nangyari sa loob ng mahabang panahong sinabotahe ng kanilang burges na liderato ang kilusang rebolusyonaryo.

Tinutukoy ng mga maka-Lava ang imperyalismong E.U. bilang numero unong kaaway ng sambayanang Pilipino--habang kuwa'y di nalalaman ang papel ni Marcos bilang prinsipal na papet niyon sa kasalukuyan--at inilalarawan nila itong huli na "nagpapagiwang-giwang" daw sa pagitan ng interes ng mamamayang Pilipino at ng kanyang mga among imperyalista.

<u>Repormismo at pagsuko</u>

Ayaw makita ng mga rebisyonista na di maihihiwalay ang kapakanan ng naghaharing pangkating Marcos sa kapakanan ng imperyalismong E.U. Ayaw nilang tanggapin na, para mga mapangalagaan at maibunsod ang makasariling interes nito, sinulsulan ng imperyalismong E.U. ang pagsulpot ng pasistang rehimeng batas militar sa pamumuno ni Marcos.

Ayaw aminin ng mga maka-Lava na ang naghaharing pangkating Marcos ay kumakatawan sa isa sa pinakamalalaki, kundi man siyang pinakamalaking paksyon sa loob ng lokal na uring komprador at asendero, na bumubuo sa batayang panlipunan ng imperyalismong E.U. sa Pilipinas. Ipinipilit nila na ang pangkating Marcos ay kasama sa "pambansang burgesya", at kung gayo'y inihahanay ito ng mga rebisyonista sa sambayanang Pilipino, o sabihin na'y itinuturing nila itong "neutral" at masari pang pumanig sa mamamayan kung mayroon lamang sapat na "organisadong paggigiit" mula sa masa.

Makikita sa ganitong di-Marxistang pagsusuri sa mga uri kung gaano kabangkarote ang mga rebisyonistang maka-Lava. Narito ang paliwanag kung bakit ganap nilang tinalikuran ang rebolusyong Pilipino at niyapos ang hayag-hayagang repormismo at lubus-lubusang pagsuko sa kaaway sa uri.

Ang kailangan ngayon, ayon sa kanilang programa sa kontra-rebolusyon, ay ang pagtatayo ng "malakas na kilusang masa na tanging titiyak sa pagkakamit at pagtupad sa mga batayang pangangailangan ng sambayanang Pilipino"--ibig sabihin, isang kilusang masang naglilingkod sa mismong mga [illegible] ng mamamayan.

Upang maging matagumpay ang kilusang masang ito, dapat magkaroon ng pagkakaisang anti-imperyalista, ayon sa programa. Walang binabanggit dito ukol sa pagkakaisang anti-pasista o antipyudal--at ipinapahiwatig na di naman pasista ang kasalukuyang rehimen, at ipinapalagay na [illegible] na nito ang pasismo. Bukod pa, ang "anti-imperyalismong" sinasabi ng mga maka-Lava ay anti-imperyalismong E.U., sapagkat pinapalakas ng kanilang suporta kay Marcos ang naghaharing imperyalista sa Pilipinas.

Ang programang binansagan ng mga maka-Lava na "Landas ng Pilipinas tungo sa Panlipunang Kaunlaran" ay naglalaman ng sumusunod na mga [illegible] palagay at mungkahi:

<u>Una</u>, sinasabing diumano'y "madala [ng rehimeng E.U.-Marcos] ang bayan sa landas ng nag-ibayong kasarinlan at pag-asa sa sarili", at nananawagan sa mamamayan na sundan ang rehimen sa landas na ito.

Buung-buong nilulunok ng mga maka-Lava ang propaganda ni Marcos. Inililista ng programa nila ang sumusunod na "pinakamahalagang positibong hakbang" ng reaksyonaryong rehimen: a) "pagsisimulang likidahin ang matagal nang problema ng peudalismo"; b) "paglansag sa huwad na sistema ng dalawang partido na itinayo ng alyansa ng imperyalismong E.U. at katutubong mga uring burges at asendero pagkaraan ng digmaan"; k) "paghahanap sa ibang istrukturang titiyak sa higit at tuwirang g paglayo sa pandidiktang imperyalista ng patakarang panlabas ng Pilipinas"; d) "ibayong pagbubunsod sa industrialisasyon sa lunsod at kanayunan"; e) "mabilis na pag-iiba-iba sa kalakalang panlabas"; g) "paghahanap sa mapayapang kalutasan sa autonomiang Muslim"; at h) "ilang panimulang hakbang tungo sa Pilipinisasyon at demokratisasyon ng sistema sa edukasyon".

<u>Pagsuko ng inisyatiba</u>

"Kalokohan!" ang isasagot dito ng milyun-milyong manggagawa, magsasaka, intelektwal, negosyante at estudyanteng nagbabangon upang ibagsak ang reaksyonaryong diktadurang E.U.-Marcos.

Ngunit ipinipilit ng mga maka-Lava na totoo, at progresibo, ang mga "nagawang" ito, sa kabila ng lahat ng ebidensyang hindi. Gusto nilang palitawin na ang mga hakbanging ito ay "makapagluluwag din naman sa neokolonyal na kontrol na ipinapataw ng E.U. sa Pilipinas, lalo sa larangan ng pulitika at patakarang panlabas; magpapalakas sa mga kondisyon para sa mapayapang pag-unlad, at magpapalaki sa produktibong kakayahan ng bayan".

Dagdag dito ang mga pangyayari sa daigdig na nagpapahina sa imperyalismo, anang mga maka-Lava, kung kayat uunlad ang "positibong tunguhing" ito ng rehimeng E.U.-Marcos "habang nagtitipon ng kinakailangang lakas sa pulitika at organisasyon ang masang Pilipino mismo para maitulak sa rebolusyonaryong proporsyon ang mga nabanggit na repormang inilunsad ng gobyerno".

Sa ibang salita, ibig ng pangkating maka-Lava na isuko ng mamamayan sa rehimeng E.U.-Marcos ang inisyatiba sa rebolusyonaryong pagbabago, sa pamamagitan ng mga "programa sa reporma" nito. At ang papel na lamang ng masang Pilipino ay itulak ang mga programang ito "sa rebolusyonaryong proporsyon".

Lantaran itong pagbaligtad sa pundamental na konseptong Marxista-Leninista ng rebolusyong inilulunsad ng mamamayan upang ibagsak ang reaksyonaryong estado at itayo ang rebolusyonaryong estadong kumakatawan sa kapakanan ng malawak na masa.

Ang kailangan ngayon, ayon sa kanilang programa sa kontra-rebolusyon, ay ang pagtatayo ng "malakas na kilusang masa na tanging titiyak sa pagkakamit at pagtugon sa mga batayang pangangailangan ng sambayanang Pilipino"--ibig sabihin, isang kilusang masang naglilingkod sa mismong mga umaapi sa mamamayan.

Upong maging matagumpay ang kilusang masang ito, dapat magkaroon ng pagkakaisang anti-imperyalista, ani ng programa. Walang binabanggit dito ukol sa pagkakaisang anti-pasista o antipyudal--at ipinapahiwatig na di naman pasista ang kasalukuyang rehimen, at ipinapalagay na nalansag na nito ang pyudalismo. Bukod pa, ang "anti-imperyalismong" sinasabi ng mga maka-Lava ay pagtutol lamang sa imperyalismong E.U., sapagkat pinapalakas ng kanilang suporta kay Marcos ang paghaharing imperyalista sa Pilipinas.

Ang programang binansagan ng mga maka-Lava na "Landas ng Pilipinas tungo sa Kanlipunang Kaunlaran" ay naglalaman ng sumusunod na mga [illegible] at mali-kali:

<u>Una</u>, sinasabing diumano'y "nadala [ng rehimeng E.U.-Marcos] ang bayan sa landas ng mas-ibayong kasarinlan at pag-asa sa sarili", at nananawagan sa mamamayan na sundan ang rehimen sa landas na ito.

Buung-buong nilulunok ng mga maka-Lava ang propaganda ni Marcos. Inililista ng programa nila ang sumusunod na "pinakamahalagang positibong hakbang" ng reaksyonaryong rehimen: a) "pagsisimulang likidahin ang matagal nang problema ng pyudalismo"; b) "paglansag sa huwad na sistema ng dalawang partido na itinayo ng alyansa ng imperyalismong E.U. at katutubong mga uring burges at asendero pagkaraan ng digmaan"; k) "paghahanap sa ibang istrukturang titiyak sa higit at tuwirang g paglayo sa pandidiktang imperyalista ng patakarang panlabas ng Pilipinas"; d) "ibayong pagbubunsod sa industriyalisasyon sa lunsod at kanayunan"; e) "mabilis na pag-iiba-iba sa kalakalang panlabas"; g) "paghahanap sa mapayapang kalutasan sa autonomiang Muslim"; at h) "ilang panimulang hakbang tungo sa Pilipinisasyon at demokratisasyon ng sistema sa edukasyon".

<u>Pagsuko ng inisyatiba</u>

"Kalokohan!" ang isasagot dito ng milyun-milyong manggagawa, magsasaka, intelektwal, negosyante at estudyanteng nagbabangon upang ibagsak ang reaksyonaryong diktadurang E.U.-Marcos.

Ngunit ipinipilit ng mga maka-Lava na totoo, at progresibo, ang mga "nagawang" ito, sa kabila ng lahat ng ebidensyang hindi. Gusto nilang palitawin na ang mga hakbanging ito ay "makapagluluwag din naman sa neokolonyal na kontrol na ipinapataw ng E.U. sa Pilipinas, lalo sa larangan ng pulitika at patakarang panlabas; magpapalakas sa mga kondisyon para sa mapayapang pag-unlad, at magpapalaki sa produktibong kakayahan ng bayan".

Dagdag dito ang mga pangyayari sa daigdig na nagpapahina sa imperyalismo, anang mga maka-Lava, kung kaya't uunlad ang "positibong tunguhing" ito ng rehimeng E.U.-Marcos "habang nagtitipon ng kinakailangang lakas sa pulitika at organisasyon ang masang Pilipino mismo para maitulak sa rebolusyonaryong proporsyon ang mga nabanggit na repormang inilunsad ng gobyerno".

Sa ibang salita, ibig ng pangkating maka-Lava na isuko ng mamamayan sa rehimeng E.U.-Marcos ang inisyatiba sa rebolusyonaryong pagbabago, sa pamamagitan ng mga "programa sa reporma" nito. At ang papel na lamang ng masang Pilipino ay itulak ang mga programang ito "sa rebolusyonaryong proporsyon".

Lantaran itong pagbaligtad sa pundamental na konseptong Marxista-Leninista ng rebolusyong inilulunsad ng mamamayan upang ibagsak ang reaksyonaryong estado at itayo ang rebolusyonaryong estadong kumakatawan sa kapakanan ng malawak na masa.

Noon pa'y nagtakwilan na sa isa't isa ang Marxismo-Leninismo at ang mga maka-Lava; kay Marcos naghahanap ng gabay itong huli at sa kanyang "rebolusyon mula sa centro" sila sumasali.

## Pagmamakaawa sa rehimeng E.U.-Marcos

Ikalawa, ayaw makita ng mga rebisyonistang maka-Lava na ang naghaharing pangkating E.U.-Marcos ay kusang nagpapagamit sa imperyalismo sa higit na pagsasamantala nitong huli sa sambayanang Pilipino upang mapagaan ang papalala niyang krisis sa ekonomia. Pinipintasan lamang ng mga maka-Lava ang rehimen dahil di maiwasan ang pamimilit ng mga imperyalista at di kinokonsulta ang mamamayan sa paggawa ng mga plano at patakaran.

Lalong naghihirap ang masa at lalong yumayaman ang ilan, anila, dahil napipilitan ang rehimen na sumunod sa idinidikta ng imperyalismong E.U. at dahil din di sumasangguni ang mga teknokrat sa taong-bayan sa kanilang pagbabalangkas ng mga plano at patakaran.

Kaya't di nananawagan ang mga maka-Lava na ibagsak ang naghaharing pangkating Marcos na tuta ng imperyalismong E.U. at kasabwat nito sa pagsasamantala't pang-aapi sa mamamayan.

Bagkus, halos lumuhod sila't magmakaawa sa rehimen na magmatigas sa mga imperyalista at pakinggan ang taong-bayan.

Ikatlo, sa halip na pagmalasakitan at walang-sawang paunlarin ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng mamamayan, iginigiit ng mga rebisyonistang maka-Lava na ang reaksyonaryong gobyerno ang may obligasyong palakasin ang mga organisasyong masa.

Gayunma'y may ilang duda pa rin sila. Bukod sa nakikita nilang balakid na inilalagay ng lipunan sa partisipasyon ng mamamayan sa pambansang pag-unlad, may agam-agam sila na "baka naman napakababa ng kasalukuyang antas pangkultura at pang-edukasyon ng masa para makayanan nilang lumahok sa mga pagsisikap tungo sa kaunlaran".

Ang kangalit-ngalit na kasinungalingang ito hinggil sa kakayahan ng masang Pilipino ay sinusundan sa programa ng mga maka-Lava ng mungkahing "tungkulin [ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos] na linangin sa mamamayan ang matingkad na kamalayan ng kanilang pambansang identidad at kapakanan gayundi'y bigyan sila ng inspirasyon sa pamamagitan ng buhay na ideolohiang magbabago sa kanila at sa kanilang lipunan".

## Ideolohiang pang-"inspirasyon"

Ang ideolohiang itong "magbibigay-inspirasyon" sa mamamayan at "gagabay sa buong takbo ng paggagawa ng patakaran", ayon sa mga maka-Lava, ay isang ideolohiang "hindi itinayo batay sa malalabong abstraksyon, kundi sa konkretong paliwanag ng aktwal nilang kalagayan, sa mga ugat sa kasaysayan ng kanilang paghihikahos, pagiging paurong at di-maunlad, at gayundin sa pambansang mithiing nabuo sa nakaraang mga pakikibaka para makamit ang mga kondisyon ng kaunlarang materyal at kamulatang pambansa".

Sa ganitong ideolohia, wika pa ng programa ng mga maka-Lava, "mamomobilisa ang mamamayan para sa kaunlaran, kung matutukoy nila ang kanilang kapakanan sa nilalaman ng mga programa sa pagpapaunlad" (amin ang pagdidiin).

Anong klaseng ideolohia ito na posibleng hindi makatulong sa mamamayang tukuyin ang kanilang kapakanan sa nilalaman ng mga programa sa pagpapaunlad? O paano kaya gagawa ng programang di maglilingkod sa saligang kapakanan ng mamamayan ang isang gobyernong diumano'y ginagabayan ng ganitong ideolohia?

Walang paglilinaw tungkol dito ang programa ng mga maka-Lava. Bukod sa sinipi nating pakahulugan ng ideolohiang iminumungkahi nila, wala nang ibang pagtalakay sa buong Resolusyon at Programa sa mga usaping pang-ideolohia. Saan kaya rito ibinaon ang Marxismo-Leninismo?

Ikapat, sinasabi ng mga taksil na rebisyonistang maka-Lava na "natural lamang na susuporta ang mamamayan sa konsentrasyon ng kapangyarihang pampulitika kung malinaw na gagamitin para isulong ang kanilang simulain"; at "ang kasalukuyang sistemang pampulitika ay magkakaroon ng tunay na demokratikong kahulugan sa ekonomia at pulitika" kung hahayaan lamang ng rehimong E.U.-Marcos ang mamamayan, sa pamamagitan ng mga organisasyong masa nila, na magkabahagi sa paggamit ng kapangyarihang pampulitika.

Ubod ng tindi ang pagnanais ng mga maka-Lava na pumuti ang uwak! Sapagkat, kung hahayaan nga naman ng reaksyonaryong estado ang masa na "itakda, bigyang-hugis at ipatupad ang mga patakaran at programang magsusulong sa kanilang kolektibong kapakanan", hindi na kailangang maglunsad ng makauring tunggalian at maglunsad ng tunay na rebolusyong bayan. Hindi na kailangang lumabas sa kanilang mga opisinang may-erkon ang mga pipitsuging burukrata ng pangkating maka-Lava para isagawa ang anila'y "kabagut-bagot" na tungkuling pukawin, pakilusin at organisahin ang "tulog" na masa ng sambayanan.

## Tuluy-tuloy ang rebolusyon

Ang kinauuwian ng lahat ng ito ay ang paghahangad ng pangkating maka-Lava na mabasbasan sila ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos bilang "partido ng masang anakpawis", na nasa puno ng isang katerbang huwad na organisasyong masa at sistematikong hinuhugasan ang kahit bahagyang bahid sa sarili ng rebolusyonaryong ideolohia, pulitika at organisasyon.

Ngayo'y sa dulo na ng lubid nangungunyapit ang rebisyonistang pangkating maka-Lava. Nagtatangka silang huwag mahulog sa pamamagitan ng pagkabit sa pasistang diktadurang E.U.-Marcos, na ang "konsentradong kapangyarihang pampulitika" ay kanilang kinasisindakan.

Itinatakwil ng sambayanang Pilipino ang rebisyonistang pangkating maka-Lava at ang bangkaroteng ideolohia at linyang pampulitika nito. Parami nang parami silang tumatahak nang buong sigla sa landas ng sandatahang himagsikan, sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Nagtatayuan at naglalakasan ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Sa marami-rami na ring lugar, sa pamamagitan ng kanilang mga lokal na komite, aktwal nang ginagamit ng rebolusyonaryong mamamayan ang kanilang kapangyarihang pampulitikang umusbong at lumalago "sa bunganga ng baril".

Ang patuloy na pakikibaka sa makabagong rebisyonismo ay tiyak na magbubunga ng mas malalaking tagumpay para sa Partido, sa hukbong bayan, at sa rebolusyonaryong sambayanang Pilipino.

• • •

## ITINAKDA NA NG REHIMEN ANG PAGTAAS NG MGA PRESYO

Hindi pa man nasisimulan ang mga "pagdinig pampubliko" sa hinihinging pagtaas ng presyo, bayad sa serbisyo at upa sa bahay, yari na ang plano ng diktadurang Marcos na ituloy ito, ayon sa kagustuhan ng imperyalismong E.U. na ipasa ang kanyang lumalalang krisis sa mamamayang Pilipino.

Kasama rin sa planong ito ang pagpataw ng dagdag na buwis sa masa at ang patuloy na pag-asa sa dayuhang puhunan sa pagpapatindi sa produksyong panluwas ng Pilipinas.

Ang plano ay tinapos noon pang nakaraang Disyembre ng "komite ng mga ahensya tungkol sa presyo at kita", sa pangangasiwa ng Pambansang Awtoridad sa Kabuhayan at Pagpapaunlad (NEDA) ni Marcos.

Sa esensya, muling [illegible] ng plano ang ito ang pagsasabwatan ng diktadurang Marcos at ng among imperyalista nito para sa ibayong pagpapahirap sa masang Pilipino.

Bang-ayon sa balak, ang presyo ng langis at gasolina ay itataas nang sinlaki ng pagtaas ng presyo ng krudo na pinagtibay kamakailan ng Organisasyon ng mga Bansang Nagluluwas ng Langis (OPEC), sabay patong dito ng 4 porsientong buwis. Dahil tumaas ang presyo ng OPEC nang may 14.5 porsiento, kulang na lang sa 20 porsiento ang bagong pagtaas sa lokal na presyo ng langis, kung susundin ang plano.

Manari pa itong lumampas sa 20 porsiento dahil hindi 14.5 porsiento kundi 17 porsiento ang hinihingi ng pagtaas ng presyo ng mga imperyalistang kompanya ng langis. Dagdag pa rito, walang tigil ang pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan dahil sa malaking bawas na ginawa ng Iran sa kanyang produksyon ng langis.

Hindi na hinintay pa ng diktadura na magharap ng petisyon ang mga kompanya ng langis. Ito na mismo ang nagbigay-katwiran sa hinihingi ng mga imperyalista diumano'y "upang makabawi ang mga kompanya ng langis sa pagtaas ng pandaigdigang presyo ng langis, makakubra ng dagdag na kita para sa gobyerno".

Kahit na paulit-ulit na napatunayan hindi nalulugi ang mga kompanyang ito at sa halip ay kumakamal sila ng malalaking tubo, pilit na pinalululon ng reaksyonaryong pamahalaan sa masa ang mga kasinungalingang ito ng mga imperyalista.

<u>Mataas na bayad sa serbisyo</u>

Tungkol sa bayad sa mga serbisyo, ito ang nakalagay sa plano:

1. Itataas nang 25 porsiento ang pasahe sa bus at dyipni. Ito raw ay para kumita ang mga kompanya ng sasakyan ng 12 porsientong tubo sa orihinal na kapital. Subalit kung hindi pa rin sila magkakasya rito, papayag na rin ang rehimen na itaas ang pasahe hanggang 40 porsiento.

Mapapansin na pansamantalang umatras ang reaksyonaryong gobyerno sa posisyong ito dahil sa pagtutol ng mga mamamayan at sa pagkabulgar ng resulta ng pagsisiyasat ng Komisyon sa Audit (COA) sa kalagayang pampinansya ng mga kompanya ng sasakyan. Sinabi ng COA na sa pangkalahatan, tumutubo taun-taon ang mga kompanyang ito nang di-kukulangin sa 30 porsiento sa orihinal nilang kapital. Mayroon pa ngang isang kompanya ng bus na halos 98 porsiento ang tinutubo sa orihinal na kapital.

2. Itataas nang 11 porsiento ang bayad sa koryente. Bagong dagdag ito sa bayad na itinaas noon lamang Nobyembre 1, 197[illegible]. Dapat daw itaas ang singil sa koryente para makabayad ang National Power Corporation sa mga utang nito sa mga imperyalista.

3. Itataas nang 74 porsiento ang bayad sa tubig. Tulad ng sa koryente, kailangan daw ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System ng pondo para makabayad ng utang sa mga imperyalista.

4. Itataas nang 35 porsiento ang upa sa bahay.

Bukod dito, [illegible] ng plano ang [illegible] sa mga kapitalista na iba't ibang industria tulad ng papel, gamot, produktong niyog, yero at [illegible] na magtaas ng presyo ng [illegible] produkto.

Sa [illegible] ng mga [illegible] na [illegible] na ito ng mga imperyalista, [illegible] sa plano na ang pangkalahatang pagtaas ng presyo ng [illegible] na 2 porsiento.

[illegible] Subalit [illegible] na hindi [illegible] 10 porsiento ang pagtaas. [illegible] mga [illegible] at serbisyong [illegible] sa pambansang kabuhayan, [illegible] pa [illegible] ng presyo ng mga [illegible] produktong [illegible] [illegible] produkto.

Sa esensya, muling pinagtitibay ng planong ito ang pagsasabwatan ng diktadurang Marcos at ng among imperyalista nito para sa ibayong pagsasamantala sa masang Pilipino.

Bang-ayon sa balak, ang presyo ng langis at gasolina ay itataas nang sinlaki ng pagtaas ng presyo ng krudo na pinagtibay kamakailan ng Organisasyon ng mga Bansang Nagluluwas ng Langis (OPEC), sabay patong dito ng 4 porsientong buwis. Dahil tumaas ang presyo ng OPEC nang may 14.5 porsiento, kulang na lang sa 20 porsiento ang bagong pagtaas sa lokal na presyo ng langis, kung susundin ang plano.

Maaari pa itong lumampas sa 20 porsiento dahil hindi 14.5 porsiento kundi 17 porsiento ang hinihinging pagtaas ng presyo ng mga imperyalistang kompanya ng langis. Dagdag pa rito, walang tigil ang pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan dahil sa malaking bawas na ginawa ng Iran sa kanyang produksyon ng langis.

Hindi na hinintay pa ng diktadura na magharap ng petisyon ang mga kompanya ng langis. Ito na mismo ang nagbigay-katwiran sa hinihingi ng mga imperyalista diumano'y "upang makabawi ang mga kompanya ng langis sa pagtaas ng pandaigdigang presyo ng langis, makakubra ng dagdag na kita para sa gobyerno".

Kahit na paulit-ulit na napatunayang hindi nalulugi ang mga kompanyang ito at sa halip ay kumakamal sila ng malalaking tubo, pilit na pinalululon ng reaksyonaryong pamahalaan sa atin ang mga kasinungalingang ito ng mga imperyalista.

<u>Mataas na bayad sa serbisyo</u>

Tungkol sa bayad sa mga serbisyo, ito ang nakalagay sa plano:

1. Itataas nang 25 porsiento ang pasahe sa bus at dyipni. Ito raw ay para kumita ang mga kompanya ng sasakyan ng 12 porsientong tubo sa orihinal na kapital. Subalit kung hindi pa rin sila magkakasya rito, papayagan na rin ang rehimen na itaas ang pasahe hanggang 40 porsiento.

Mapapansin na pansamantalang umatras ang reaksyonaryong gobyerno sa posisyong ito dahil sa pagtutol ng mga mamamayan at sa pagkabulgar ng resulta ng pagsisiyasat ng Komisyon sa Audit (COA) sa kalagayang pampinansya ng mga kompanya ng sasakyan. Sinabi ng COA na sa pangkalahatan, tumutubo taun-taon ang mga kompanyang ito nang di-kukulangin sa 30 porsiento ng orihinal nilang kapital. Mayroon pa ngang isang kompanya ng bus na halos 98 porsiento ang tinutubo sa orihinal na kapital.

2. Itataas nang 11 porsiento ang bayad sa koryente. Bagong dagdag ito sa bayad na itinaas noon lamang Nobyembre 1, 1978. Dapat daw itaas ang singil sa koryente para makabayad ang National Power Corporation sa mga utang nito sa mga imperyalista.

3. Itataas nang 74 porsiento ang bayad sa tubig. Tulad ng sa koryente, kailangan daw ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System ng pondo para makabayad ng utang sa mga imperyalista.

4. Itataas nang 35 porsiento ang upa sa bahay.

Bukod dito, itinataguyod ng plano ang pagpapahintulot sa mga kapitalista sa iba't ibang industria tulad ng papel, gamot, produktong niyog, yero at pagkain na magtaas ng presyo ng kanilang produkto.

Sa kabila ng mga lantad-lantad na pagpabor na ito sa mga imperyalista, [illegible] ng plano na ang pangkalahatang pagtaas ng presyo ay hindi lalampas sa 2 porsiento.

Sa totoo'y tiyak na hihigit pa sa 40 porsiento ang pagtaas. Dahilang [illegible] ang mga produkto at serbisyong [illegible] sa pambansang kabuhayan, kaya't [illegible] pagtaas ng presyo ng mga ito ay [illegible] makakaapekto nang malaki sa marami [illegible] produkto.

## Dagdag na buwis

Kasabay ng pagtaas ng presyo, tataasan din ng rehimeng Marcos ang buwis na kinokolekta nito sa mamamayan. Ayon sa plano, kailangang magpataw ang reaksyonaryong pamahalaan ng dagdag na buwis, at kailangan din itong maging mahigpit sa pagpapatupad ng mga dekreto sa buwis na pinagtibay noong nakaraang taon. Kabilang dito ang 5 porsientong dagdag na buwis sa pagbebenta at ang bagong patong sa amilyar o buwis sa lupa, mula 100 hanggang 1,200 porsiento.

Walang lubay sa pagtataas ng buwis ang pasistang rehimen dahil baon ito sa utang sa mga gobyerno at bankong imperyalista at kailangan nito ng pondo para masuhayan ang kanyang reaksyonaryong militar at burukrasya. Ang kabuuang utang panlabas ng rehimen sa kasalukuyan ay ₱57.5 bilyon ($7.78 bilyon). Dahil dito, lalong pinipilit ng Banko Mundyal, na kontrolado ng imperyalista, na magtaas ng buwis ang diktadura at pag-ibayuhin ang produksyong panluwas nito para makabayad.

Bilang pampalubag-loob, daragdagan nang kaunti ang sahod ng mga manggagawa. Subalit tulad ng dati, ang dagdag na ito ay mababalewala dahil sa bagong pagtaas ng mga presyo at bayad sa mga serbisyo.

Sa isang talumpati nitong Enero, nagmayabang si Marcos na nararausan ng Pilipinas ang panibagong bugso ng implasyon sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga produktong panluwas nito.

Ito'y isang kabulaanan. Isang malaking dahilan ng pagtaas ng presyo sa Pilipinas ang pagbibigay-diin sa produksyong panluwas. Dahil sa kababaan ng presyo ng mga iniluluwas na mga hilaw na sangkap, palaging nalulugi sa kalakalan ang Pilipinas sa harap ng ibayong pagtaas ng presyo ng inaangkat na mga yaring produkto. Habang humihina ang produksyon sa mga imperyalistang bayan, lalong bumababa ang presyo ng mga hilaw na sangkap at umuunti ang bumibili nito. Dulot nito, lalong lumalaki ang pagkalugi ng Pilipinas. Noong nakaraang taon, umabot sa ₱5.2 bilyon ($700 milyon) ang lugi o depisit ng Pilipinas sa kalakalan.

At tuwing malulugi ang Pilipinas sa kalakalan, bumababa ang reserba nitong salaping dayuhan. Ang halaga ng piso ay bumababa kung ikukumpara sa dolyar. Dahil dito, lalong tumataas ang presyo ng mga inaangkat na yaring produkto o ng mga hilaw na materyal para sa produksyon.

## Nakikinabang sa krisis

Bunga rin ng programang panluwas ng rehimen, kinakapos ang lokal na pamilihan sa mga pagkain at produktong ibinebenta sa labas ng Pilipinas, tulad ng niyog, semento at iba pa. Sa gayon, lalong tumataas ang kanilang presyo sa loob ng Pilipinas.

Ipinag-iingay ni Marcos at ng mga imperyalista ang kanilang pagkabahala sa lumalalang krisis pangkabuhayan sa bansa. Sa isang banda, totoong natatakot sila sa pagtindi ng krisis pampulitika na tiyak na ibubunga nito. Subalit sa kabilang banda, nakikinabang din sila rito.

Sa pagtaas ng presyo, limpak-limpak na tubo ang nakakamal ng mga imperyalista. Kasabay nito, lalo nilang napapahigpit ang kanilang kontrol sa kabuhayan at pulitika ng bansa.

At si Marcos? Nakikinabang din siya sa pagpataw ng dagdag na buwis at sa paglaki ng tubo ng mga empresang pag-aari niya o mayroon siyang sosyo. Higit sa lahat, bawat pagbibigay niya sa kanyang mga among imperyalista ay may kapalit na tulong pampinansya at militar sa kanyang sumusuray na rehimen.

**HINADLANGAN NG TSINA**
**ANG AGRESYONG SOBYET**

Nagsasagawa ng konkretong hakbang ang Republikang Bayan ng Tsina upang pigilin ang agresyon ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet sa dakong ito ng daigdig.

Naglunsad ang Tsina noong Pebrero 17 ng limitadong operasyong militar sa Bietnam upang parusahan ang gobyerno nito para sa maraming armadong probokasyon sa hangganan ng Tsina at Bietnam, at turuan sila ng leksyon sa kanilang armadong agresyon sa Demokratikong Kampuchea. Nagaganap pa ang operasyon hanggang sa kasalukuyan.

Bietnam ang kagyat na target dahil nagpapagamit ang mga lider ng bayang ito sa pakana ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet na saklawin ng kanilang ehemonismo ang Timog-silangang Asya.

Ayon sa pinakahuling balita, napaatras na ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Tsina ang mga tropa at milisyang Bietnames nang may 30 kilometro mula sa hangganan, at pansamantalang sakop nila ang ilang kabisera ng mga lalawigang Bietnames na malapit sa hangganan.

Bago pumutok ang malawakang mga sagupaan, paulit-ulit nang nagbabala ang pamahalaang Tsino ukol sa umiigting na armadong pagsalakay ng mga Bietnames sa lupang Tsino. Lubos na binalewala ang mga babalang ito, anang gobyernong Tsino, kaya kinailangan ang pamparusang aksyong militar.

Habang sumusugod ang mga tropang Tsino sa Bietnam noong Pebrero 17, ipinapahayag ng gobyernong Tsino, sa pamamagitan ng ahensya sa balitang Hsinhua, na handa silang pumasok sa "mga konkretong negosasyon o anupamang hakbanging kapaki-pakinabang sa pagtitiyak sa kapayapaan at katahimikan sa hangganang Tsina-Bietnam".

"Pagkaraan ng nararapat na kontra-salakay sa mga agresor na Bietnames," sinabi pa ng gobyernong Tsino, "tanging ang pagtatanggol sa hangganan ng aming bayan ang aatupagin ng mga tropang Tsino sa prontera."

Tinitiyak ng huling pahayag na walang intensyon ang Tsina na kamkamin ang lupang Bietnames na hawak nito sa ngayon. Babalik ang mga sumalakay sa lupang Tsino pagkatapos maisagawa ang kanilang tungkulin.

Pagkatapos, kinatigan ng gobyernong Tsino ang resolusyong iniharap sa Konsehong Panseguridad ng Mga Bansang Nagkakaisa (UN) na nananawagan sa pag-alis ng mga tropang Bietnames sa Kampuchea at mga tropang Tsino sa Bietnam.

Tumutol ang mga lider ng Bietnam at mga guro nilang sosyal-imperyalistang Sobyet, na ipinagpupumilitan pa rin ang katawa-tawang kwento na "walang tropang Bietnames sa Kampuchea".

Gayunman, dahil sa limitadong pananalakay-militar ng Tsina sa Bietnam, napilitan ang mga lider ng Bietnam na pauwiin ang ilang tropang Bietnames mula sa Kampuchea at maging ang ilang "tagapayo" sa kanugnog na bayang Laos.

## Naninindak ang mga sosyal-imperyalista

Habang pinaparusahan ng Tsina ang gobyernong Bietnames, pinag-ibayo ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet ang suplay ng armas sa Bietnam, habang nagbabanta sa Tsina. Inalertuhan din nila ang may 1,000,000 tropang Ruso sa hangganang Tsina-Rusya para sa posibleng pagsalakay sa Tsina.

Hindi nasindak ang Tsina. Kung susugod man ang mga tropang Ruso na may superyor na armas kung ihahambing sa hukbong Tsino, malulunod sila sa dagat ng digmaang bayan, tulad ng matagal nang babala ng mga lider ng Tsina.

Ang operasyong militar ng Tsina sa Bietnam ay inilunsad isa at kalahating buwan pagkatapos ibunsod ng Bietnam ang armadong pagsalakay sa Kampuchea noong huling bahagi ng Disyembre at unang bahagi ng Enero.

Sa kanilang pagsalakay sa Kampuchea, nagpagamit ang mga lider Bietnames sa layunin ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet na saklawin ng kanilang ehemonia ang Timog-silangang Asya (Ang Bayan, Enero 15, 1979).

Habang sinusulat ito, sinasakop pa rin ng mga tropang Bietnames ang malalawak na bahagi ng Kampuchea, kabilang ang pambansang kabisera, Phnom Penh. Sa halip na pakinggan ang pandaigdigang panawagang alisin ang kanilang tropa sa Kampuchea, pinarami pa ang mga ito.

Tinatayang 100,000 hanggang 130,000 tropang Bietnames ang lumusob sa Kampuchea. Batay sa pinakahuling ulat, umaabot na ang bilang sa 150,000.

Dalawa ang layunin ng pagdagdag ng tropang Bietnames sa Kampuchea. Una, upang konsolidahin ang kontrol ng Bietnam sa Kampuchea. Pangalawa, upang palitan ang libu-libong tropang Bietnames na nalilipol na sa digmang bayan ng mamamayang Kampucheano, sa pamumuno ng kanilang Partido Komunista at rebolusyonaryong hukbo.

## Papet na rehimen sa Kampuchea

Habang kinokontrol ng mga tropang Bietnames ang Phnom Penh, ibig palabasin ng mga lider ng Bietnam na may nakatatag nang "bagong pamahalaang Kampucheano" sa kabisera ng Kampuchea.

Ang "pamahalaang" ito ay binubuo ng sandakot na traydor na Kampucheano na sa pag-uudyok ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet at lider Bietnames ay nagbuo ng diumano'y "Pambansang Nagkakaisang Prenteng Kampucheano para sa Pambansang Katubusan". Ito'y kasangkapan lamang ng mga lider Bietnames at mga guro nilang sosyal-imperyalistang Sobyet sa pagpapalawak ng ehemonismo sa Asya.

Upang umano'y maging "lehitimo" ang pagsakop ng tropang Bietnames sa Kampuchea, nagsagawa pa si Punong Ministro Pham Van Dong ng Bietnam ng "bisitang pang-estado" sa Phnom Penh upang pirmahan ang isang "tratado ng pagkakaibigan" sa taksil na rehimeng papet ni Heng Samrin.

Habang siya'y nasa opisyal na paglalakbay sa Estados Unidos noong Enero 31, sinabi ni Pangalawang Punong Ministrong Teng Hsiao-ping ng Tsina, na "bukod pa sa lantarang pagsalakay ng maramihang armadong pwersa sa Kampuchea, lumilikha ang mga Bietnames ng maraming insidente sa hangganang Tsina-Bietnam, na patuloy pa ring umiigting hanggang sa kasalukuyan".

Inulit niya na "matibay at di-matitinag ang aming posisyong suportahan ang Kampuchea", at idinagdag:

"Masusi naming tinitimbang ang anumang kilos namin. Hindi kami nagpapadaskul-daskol; laging matatag ang posisyon at aktitud ng Tsina laban sa ehemonismo, pandaigdigan man o lokal."

Dahil nasa likod nila ang mga sosyal-imperyalistang Sobyet, hindi nakinig ang mga lider ng Bietnam sa opinyon ng daigdig at binalewala ang mga babala ng Tsina. Di na naiwasan ang limitadong operasyong militar na kasalukuyang inilulunsad ng Tsina sa Bietnam.

May sapat pang panahon upang ituwid ng mga lider ng Bietnam ang kanilang malubhang kamalian. Dapat alisin na ang hukbo nila sa Kampuchea.

Upang magkaroon ng kapayapaan sa pagitan ng mga antagonista, dapat may mabuting loob ang lahat ng kasangkot, habang itinatakwil ang pang-iintriga at panggugulo ng sosyal-imperyalismong Sobyet.

Ipagdiriwang ngayong Marso 8 ng rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig ang ika-71 anibersaryo ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis.

Marso 8, 1908 ang unang hudyat ng pagkagising ng kababaihang manggagawa sa makauring pagsasamantala sa ilalim ng sistemang kapitalista. Noong makasaysayang araw na iyon, mahigit sa 30,000 manggagawa sa pabrika ng damit, na karamiha'y babae, ang naglabasan at nagdemonstrasyon sa mga lansangan ng lunsod ng New York.

Ipinakipaglaban nilang wakasan ang mapang-aping kalagayan sa paggawa sa pabrika at pang-aabuso sa lakas-paggawa ng mga bata, at magkaroon ng mas maikling oras sa paggawa. Iginiit din nila ang pagkakaroon ng pampulitikang karapatang bumoto sa halalan.

Noong 1910, iprinoklama ng Sosyalistang Internasyonal sa pulong nito sa Stuttgart, Alemanya, ang Marso 8 bilang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis bilang pagkilala sa makapangyarihang pwersang pampulitika at panlipunan ng kababaihan.

Mula noon, ang mapanlabang diwa ng Marso 8 ay ipinagdiriwang ng proletaryado ng buong daigdig. Nagsilbi itong panawagan sa kababaihan na makipagkaisa sa kanilang mga kapatid sa uri sa pakikibaka sa pang-aapi't pagsasamantala.

Sa anumang lipunan, humigit-kumulang kalahati ng populasyon ay kababaihan. Binubuo ng nakararami sa kanila ang mga uring nagpapagal at bumubuhay sa lipunan--ang mga uring manggagawa at magsasaka. Sa kanila ang karampatang karangalan sa pagdiriwang sa araw na ito.

Sa larangan ng pampulitikang pakikibaka ng mamamayan sa imperyalismo at lahat ng reaksyon, nagbibigay ng mahalagang ambag ang kababaihan sa lahat ng bansa sa ikatatagumpay ng mga kilusan para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Maningning na halimbawa ang ipinamalas ng kababaihan ng Rusya, noong Rebolusyong Oktubre (1917); at ng Tsina, noong Digmang Pakikipaglaban sa Hapon (1940-45), Digmang Mapagpalaya (1945-49) at kasalukuyang sosyalistang konstruksyon.

Huwaran ang kagitingan ng kababaihan ng Albania, Korea, Kampuchea, Bietnam at Laos sa pagpapabagsak sa imperyalismo sa kanilang mga bansa. Matapang din sa pakikibaka ang kababaihan sa Palestina, Mozambique, Eritrea, Zimbabwe, Taylandia, Malaysia, Burma at marami pang bayang kasalukuyang nakikihamok sa imperyalismo, sosyal-imperyalismo at lahat ng reaksyon.

Gayundin, sa Pilipinas, bahagi na ng kasaysayan ang paglahok at pamumuno ng kababaihan sa mga pag-aalsa noong panahon ng dakilang pakikibaka ng bayan laban sa pananakop ng mga Kastila, Hapones at Amerikano.

<u>Masa rebolusyonaryong pagkilos ang paglaya</u>

Sa paglulunsad ng pambansang demokratikong rebolusyon sa Pilipinas, nalalatag ang kondisyon sa pagkamulat at pagkilos ng lahat ng progresibong uri at sektor sa lipunan, kasama ang kababaihan, laban sa imperyalismong E.U., peudalismo at burukrata kapitalismo.

Ang rebolusyon ang nagbibigay-daan sa paghulagpos ng kababaihang Pilipino sa mga kaugaliang peudal at burges na nagtuturing sa kanilang pasibo, mahihina, at pang-aliw at pantahanan lamang. Sa pagsulong ng sandatahang pakikibaka sa kanayunan at ng kilusang welga sa kalunsuran, ipinapamalas ng kababaihan ang kanilang kakayahang lumahok, kabalikat ng

kalalakihan, sa pagwasak ng lumang naghaharing sistema at sa pagtatayo ng rebolusyonaryong bagong sistema.

Ganito ang pagtukoy ni Lenin sa makapangyarihang potensyal ng kababaihan:

"Wala ni isa mang kilusan ng mga api sa kasaysayan ng sangkatauhan na nagtagumpay nang wala ang partisipasyon ng kababaihang anakpawis. Ang kababaihang anakpawis, ang pinakaapi sa mga api, kailanma'y hindi nagpaisantabi at hindi magpapaisantabi sa malawak na landas ng kilusang mapagpalaya. Ang kilusang ito ng mga alipin ay nagpalitaw ng daan-daan at libu-libong babaing martir at bayani. Sampu-sampung libong kababaihang anakpawis ang matagpuan sa hanay ng mga mandirigma para palayain ang mga timawa. Hindi kataka-taka na milyun-milyong kababaihang anakpawis ang nahahatak sa ilalim ng bandila ng rebolusyonaryong kilusan ng uring proletaryo, ang pinakamakapangyarihan sa lahat ng mga kilusang mapagpalaya sa masang api."

Ang paglahok ng kababaihang Pilipino sa maigting na makauring pakikibaka ang mapagpasyang hakbang sa kanilang paglaya mula sa mga bulok na kaisipan at mababang katayuang panlipunan na nilikha, pinalalaganap at ipinagtatanggol ng imperyalismong E.U., burgesyang komprador at uring panginoong maylupa.

## Dapat imulat at pakilusin ang kababaihan

Sa mensahe ng rebolusyonaryong lider na si Jose Maria Sison sa Unang Pambansang Kongreso ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan noong Marso 1972, nilinaw niya ang dialektikong ugnayan ng kilusang mapagpalaya ng kababaihan sa pambansang demokratikong rebolusyon. Aniya:

"Ang kilusang mapagpalaya ng kababaihan ay kailangang dumaan sa bagong-tipong pambansang demokratikong rebolusyon upang makasulong nang malayo tungo sa pagwawakas sa matagal nang pang-aapi sa kababaihan....

"Pagkatapos ng pambansang demokratikong rebolusyon at sa pagsisimula ng sosyalistang rebolusyon, ang mga kalagayan sa pagkakapantay-pantay ng babae't lalaki ay lilikhain ng malawakang pagsasakatuparan ng kooperasyon sa agrikultura at ng malalaking hakbang tungo sa industrialisasyon. Sa lubusang paglahok ng kababaihan sa pulitika at rebolusyon, magkakaroon sila ng lahat ng pagkakataon upang iwaksi ang mapanirang pag-aakala na ang kababaihan ay mahina at palaasandig. Batay sa patakaran, walang sinuman ang pahihintulutan na magpumilit sa ganitong pag-aakala. Tiyak na ang kababaihan ay hindi na ituturing na panlipunang dekorasyon at laruan, di kaya'y kasangkapang tagaanak."

Tungkulin kung gayon ng mga rebolusyonaryong Pilipino, sa pamamagitan ng Partido ng proletaryado, na imulat at palahukin--nang buong sigasig at walang pagdadalawang-loob, at sa paraang sistematiko--ang malaking pwersa ng kababaihang anakpawis sa pampulitikang pakikibaka ng sambayanan.

Sa araw na ito ng kababaihang anakpawis, pinagpupugayan ang lahat ng bayani ng rebolusyon lalo na ang mga kasamang babaing nag-alay ng buhay sa sambayanan, sa rebolusyon at sa Partido. Nagsisilbi silang halimbawa ng tunay na malayang kababaihan para sa kababaihang Pilipinong patuloy na nakikibaka ngayon, at sa susunod pang panahon ng sosyalistang rebolusyon.

Sa alaala nina Kasamang Cita, Alma, Maria, Puri, Ana, Delia, Mia, Lily, Luz, Liza at sa iba pang kababaihang namatay para sa sambayanan, mabuhay kayo!

## MGA PORMAL NA KASUNDUANG LUMABAN, PINAGTIBAY NG MGA TAGA-MONTANYOSA

Higit pang pinagtibay ng mga pambansang minorya sa iba't ibang bahagi ng bulubunduking Kordilyera (Montanyosa) ang kanilang pagkakaisa sa mas militanteng pakikibaka sa pambansa at makauring panunupil ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos.

Nitong nakaraang mga linggo, binuo ng mga Tinggian sa Abra, mga Bontoc sa Mountain Province at mga Kalinga sa Kalinga-Apayao ang mga kasunduang nanunumpang tutulan ang lahat ng proyekto ng pasistang rehimeng sumisira sa kanilang kabuhayan at kultura.

Mahigpit na ipinagbabawal ng mga kasunduan ang pakikipagtulungan sa rehimen, at ipinapataw ng mga ito ang parusa, pati kamatayan, sa mga traydor.

Ang tinututulan ng mga Tinggian ay ang Cellophil Resources Corporation, na pag-aari ni Marcos. Pinagkalooban ito ng rehimen ng 200,000-ektaryang konsesyon sa kagubatan ng apat na probinsya sa Hilagang Luzon. Karamihan nito'y lupa ng mga Tinggian sa kanlurang libis ng Kordilyera.

Ang target naman ng mga Kalinga at Bontoc ay ang apat na dam na binabalak ng rehimen sa Ilog Chico. Lulubog ang kanilang mga baryo at mawawasak ang kanilang kabuhayan kapag natayo ang apat na dam. Sa ngayon ay inuumpisahan na ng rehimen ang una—ang Chico Dam Blg. IV.

Ang mga Tinggian, na nagbubuklod-buklod sa Nagkakaisang mga Komunidad sa Kordilyera (UCC), ay nagdaos ng komperensya sa baryo Tiempo, Tubo, Abra, noong Enero 25 at 26 at pinagtibay ang mga pagta ti kalon (probisyon ng kasunduan sa kapayapaan) na naghahayag sa kanilang determinasyong lumaban hanggang hindi napapatalsik ang CRC mula sa kanilang mga lupain.

Ang kasunduan ay inaprobahan ng mga kinatawan ng mamamayan sa mga bayan at baryo ng Sagada, Banao, Licuan, Dallik, Bikigan, Tabakda, Apatakili, Alangti Boow, Tiempo, Amtuagan, Baclao-Gallapadan, Mainit, Tubtuba, Laba, Bangilo, Quilong-alos, Bolinay, Mayabo, Supo at Dilong.

Mahigpit na ipatutupad ng lahat ng kasapi ang sumusunod na mga probisyon:

1. Pinagbabawalan ang lahat ng kasapi na magtrabaho sa CRC at iba pang mga kompanyang sumisira sa kabuhayan ng mga Tinggian.

2. Pinagbabawalang maggiya ang mga kasapi para sa CRC.

3. Pinagbabawalan ang mga kasapi na makipagnegosyo sa CRC at iba pang mga kompanya, tulad ng mga minahan, nang walang pagsasanggunì sa mayhawak ng kasunduan sa kapayapaan at mga mamamayan sa lugar.

4. Paparusahan ang sinumang tumanggap ng suhol sa CRC at iba pang mga kompanya.

5. Tutulungan ng buong buklaran ang sinumang isasakdal ng pasistang rehimen dahil sa kanyang pagtutol sa dam.

6. Bibigyan ng karampatang parusa ang sinumang lumabag sa kasunduan.

7. Magpupulong ang buklaran minsan isang taon o mas madalas pa kung may biglang pangangailangan.

Pinagtibay ng mga Tinggian ang mga pagta nang balewalain ng pasistang rehimen at CRC ang nauna nilang mga petisyon. Ang kahuli-hulihan sa mga petisyong ito ay ang pinagtibay ng komperensya ng UCC sa baryo Bangilo, Balibcong, Abra, noong Setyembre 24 at 25.

## Bodong ng mga Kalinga at Bontoc

Sa katulad ding komperensya sa baryo Bugnay, Tinglayan, Kalinga-Apayao, noong Disyembre 28 at 29, nagtipun-tipon ang mahigit 300 pangat, o lider ng tribu, mula sa 22 baryo ng Mountain Province at Kalinga-Apayao. Nagkaisa silang isinantabi ang kanilang mga di-pagkakaunawaan upang magkaisang prente laban sa proyektong dam ng rehimen.

Binatikos ng mga nagtalumpati ang mga dam na anila'y sisira sa kanilang mga tahanan at sakahan at sa minana nilang kultura at tradisyon.

"Bombahin na nila kami ngunit hindi namin isusuko ang lupang minana sa aming mga ninuno," anila bilang pagpapahayag sa determinasyong makibaka.

Ang bodong (kasunduan sa kapayapaan) ng mga Kalinga at Bontoc ay sinusugan at ngayo'y ipinagbabawal sa mga kasapi ang magtrabaho sa National Power Corporation, tulad ng paggawa ng dam, o tumulong sa NPC sa anumang paraan.

Tulad ng mga Tinggian, ipinagbabawal ng mga Bontoc at Kalinga ang pagtataksil. "Ang sinumang magpapasuhol laban sa kapakanan ng mamamayan at pabor sa NPC ay paparusahan nang mabigat, kabilang ang kamatayan," "" anang pagta.

Ang iba pang probisyon ay ang mga sumusunod:

1. Bibigyang-babala ng mga kasapi ng bodong ang lahat ng taga-Mountain Province at Kalinga-Apayao na nasa reaksyunaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) na huwag nilang pinsalain ang mga tumututol sa dam.

2. Hindi pananagutan ng mga tumututol sa dam ang pagkamatay ng sinumang Kalinga o Bontoc na nagtatrabaho sa dam.

3. Hindi labag sa bodong ang anumang pagpatay sa mga nagtatrabaho sa dam, at hindi rin ito pananagutan ng mga nayhawak ng kasunduan sa kapayapaan.

4. Pinagbabawalang gumanti ang mga kamag-anak ng sinumang mapatay dahil sa pagtatrabaho sa dam, at itinatagubilin na tahimik na lang nilang kunin ang bangkay. Kung gumanti sila, makakaaway nila ang lahat ng mamamayang tutol sa dam.

Ang mga dumalo sa dalawang-araw na seremonya ng bodong sa Tinglayan ay mga kinatawan ng mga baryo Bangad, Basao, Butbut, Ngibat, Locoong, Buscalan at Bugnay sa bayan ng Tinglayan, at mamamayan ng poblasyon ng Tinglayan; baryo Lubuagan, Dagsao at Tanglag sa bayan ng Lubuagan; baryo Lubo sa Tanudan, baryo Calagnan, Ableg, Putao at Gudaang sa Pasil, at baryo Tomiangan at Gaogao sa Tabuk, na pawang nasa Kalinga-Apayao; at baryo Bituagan at Anabel ng Sadanga, Mountain Province.

## Dalawahang taktika ng rehimen

Sa harap ng nagkakaisang pagtutol ng mga pambansang minorya sa Kordilyera, pinag-iibayo ng pasistang rehimen ang dalawahang taktika nito sa desperadong pagtatangkang sirain ang kanilang pagkakaisa. Kalakip sa mga taktikang ito ang paggamit ng dahas at panlilinlang.

Kamakailan lamang ay inalis ng rehimen ang pusakal na 60th PC Battalion mula sa Kalinga-Apayao at pinalitan ng mas malaki pang grupong kinabibilangan ng mga yunit na kasangkot sa kampanyang paglipol ng rehimen sa mga pambansang minoryang Moro sa Mindanaw.

Ang grupo ay binubuo ng 51st PC Battalion na ipinagyayabang ng AFP na "beterano" ng kampanya laban sa mga Moro sa Sulu, isang kompanya mula sa 58th PC Battalion, at karagdagang sundalo mula sa brigada ng PC na nakatalaga sa bilangguan sa Bicutan, Taguig, Metro Manila.

Inalis ng rehimen ang 60th PC Battalion mula sa Kalinga-Apayao dahil sumisiklab ang galit ng masa sa maraming pamamaslang at abuso nito.

Anumang yunit militar ang italaga ng pasistang rehimen sa pagtatayuan ng dam sa Kordilyera, determinadong lumaban ang mamamayang Igorot. At sa kanilang pakikibaka, buo ang suporta ng mga kapatid nilang Igorot na taga-Benguet at Ifugao at lahat ng kapwa nilang Pilipino.

• • •

**MGA AKSYONG PROTESTA,**
**INILUNSAD SA UPLB, BIKOL**

Mula sa isang martsa noong Enero 24 hanggang sa militanteng boykot noong Pebrero 7, patuloy ang pakikibaka ng mga mag-aaral, guro at iba pang manggagawa sa Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños (UPLB), Laguna, upang makamit ang kanilang mga demokratikong karapatan.

Ang isinagawang martsa noong Enero 24 ng mahigit sa 2,000 estudyante ay pagtutol sa memorandum sirkular Blg. 1 na ibig ipatupad ng administrasyon ng unibersidad.

Ayon sa naturang sirkular, kailangan munang aprobahan ng Tanggapan para sa Usaping Pang-estudyante ang lahat ng poster, bilbord at istrimer na ilalabas ng mga mag-aaral.

Matapos ang martsa, nagkaroon ng mga pangkulturang pagtatanghal na tumalakay sa mga suliranin ng mga mag-aaral.

Noon namang Pebrero 7, isang militanteng boykot ang idinaos ng mga mag-aaral, guro at iba pang manggagawa ng unibersidad upang ipakita sa administrasyon ang kanilang galit sa patuloy na pagwawalang-bahala nito sa kanilang mga hinihingi.

Sa kaso ng mga mag-aaral, hindi pa tinutupad ng administrasyon ang pangakong ipaayos nito ang mga pasilidad ng paaralan tulad ng mga dormitoryo, pabahay at laboratoryo.

Sa kaso naman ng mga guro at manggagawa, hanggang ngayon ay hindi pa itinataas ang kanilang sahod, wala silang alawans sa pananamit, walang benepisyong medikal, walang bayad ang obertaym, walang katiyakan sa trabaho at hindi makatarungan ang pagbibigay ng promosyon.

<u>Wala raw pera</u>

Sa lahat ng pagtutol at hinihingi ng mga nagpoprotesta, iisa ang isinasagot ng administrasyon ng UPLB: kailangang pag-aralan muna ang mga kahilingan dahil umano'y kulang ang pera ng unibersidad.

Hindi naniniwala ang mga nagpoprotesta dahil alam nilang tinaasan ang badyet ng UPLB para sa taong 1979.

Hanggang ngayon ay wala pang konkretong hakbang na ginagawa ang administrasyon upang matugunan ang mga hinihingi ng mga mag-aaral, guro at manggagawa.

Subalit hindi nawawalan ng lakas ang mga mag-aaral at manggagawa sa mga kuskos-balungos at pag-iwas ng administrasyon sa kanyang responsabilidad. Patuloy pa rin sila sa kanilang paglaban. Sa katunayan, naghahanda sila sa mas malaki pang boykot.

Sa Kabikulan man ay nagigising ang mga guro, kabataan at kanilang mga magulang upang labanan ang pang-aapi at pagsasamantala sa kanila.

Sa Virac, Catanduanes, halimbawa, 31 guro ng Catanduanes State Colleges ang nagmartsa nang buong araw kamakailan sa loob ng bayan sa kanilang pagtutol sa mga katiwaliang ginagawa ng administrasyon ng paaralan.

Inakusahan nila ang mga opisyal ng paaralan ng di-makatarungang gawain, maling pamamalakad, at di-pagpapatupad sa pagtaas ng sweldo.

Hindi natinag ang mga nagpoprotesta sa harap ng pananakot ng administrasyon na isususpinde at idedemanda ang mga guro at propesor na sumama sa rali.

Samantala, sa Del Gallego, Camarines Sur, nagpahayag ng protesta ang mga mag-aaral ng Del Gallego High School, gayundin ang kanilang mga magulang, sa mapagsamantalang patakaran ng eskwela at pagmamalabis ng prinsipal nito.

Nagdikit ang mga mag-aaral ng poster at paskel sa loob at labas ng paaralan na nagsasabing "Ibaba ang matrikula!", "Baguhin ang mga patakaran!", at iba pa.

Ayon sa kanila, hindi na nila makayanan ang patuloy na pagtaas ng matrikula at ang kahigpitan ng prinsipal.

Inilahad nila ang mga di-makatwirang patakaran ng paaralan at ng prinsipal tulad ng pagtaas ng matrikula, sapilitang paghingi ng kontribusyon, pagtatakda kung saan ipatatahi ang mga uniporme at pagmamarka ng T-shirt, at panghihiya at pagmumura ng prinsipal sa mga mag-aaral..

Tuluy-tuloy ang paglakas ng kilusang estudyante at kilusang manggagawa sa buong bayan. Sa maliit na pakikibakang tulad nito sama-samang napapanday ang masang mag-aaral at manggagawa upang maging handa sa darating na mas malalaking pakikibaka.

* * *